

# Mga Panloloko at Pandaraya sa COVID-19

Habang nagpapatuloy ang pandemyang COVID-19, ang mga manloloko (scammers) ay nariyan pa rin dinaraya ang mga tao sa kanilang pera. Nagnanakaw sila ng personal na impormasyon at nagbebenta ng mga bagay-bagay na hindi gumagana o dapat naman talagang libre. Gumagamit ang mga manloloko ng robocalls, sosyal medya [social media], at phishing emails, at iba pang mga paraan upang samantalain ang mga takot, pagkabalisa at pagkalito ng mga tao tungkol sa COVID-19. Matutong tuklasin ang maling impormasyon at maging mapagmasid para sa mga panloloko at pandaraya sa COVID-19.



## Paano Malalaman ang Maling Impormasyon sa COVID-19

Ang maling impormasyon ay madalas na ginagamit upang linlangin ang mga tao na mahulog sa isang panloloko. Alamin kung ano ang titingnan, at tanungin ang iyong sarili ng mga katanungang ito upang malaman kung ang impormasyon ay mapagkakatiwalaan:



- **Ano ang ipinararamdam nito sa akin?**  
Kung ang impormasyon ay nag-uudyok ng matinding damdamin, tulad ng galit, takot, o pagkabalisa, maaaring ito ay isang panloloko. Magpokus sa mga katotohanan. Ang maling impormasyon ay mabigat sa pakiramdam at mababaw sa katotohanan.
- **Ang impormasyon ba ay malabo o hindi kumpleto? May nawawala bang mga bahagi sa istorya?**  
Maghanap ng kumpletong detalye. Siguruhin na ang may akda ay nagkaloob ng patunay at ipinaliliwanag kung paano sila dumating sa kanilang konklusyon.
- **Ano ang sinasabi ng mararangal na mapagkukunan ng impormasyon (sources) tungkol sa isyu?**  
May pahayag ba ang Mga Sentro sa Pagkontrol at Pagpigil sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention o CDC) o ang World Health Organization (WHO) tungkol sa isyu? Pinakamainam na palaging ikumpara ang impormasyon laban sa kilala, mapagkakatiwalaang mga mapagkukunan ng impormasyon [sources]. Matutong maghanap ng maaasahang impormasyon sa kalusugan [ph.lacounty.gov/hccp/health.htm](https://ph.lacounty.gov/hccp/health.htm).
- **May mga tao bang sumusubok na ako ay bentahan ng isang bagay o nanghihingi ng aking personal na impormasyon?**  
Sa halos lahat ng pagkakataon ito ay isang hudyat ng babala. Magbasa para sa mga halimbawa ng mga panloloko at pandaraya sa COVID-19. Alamin pa ang mas marami sa [ph.lacounty.gov/hccp/scams.htm](https://ph.lacounty.gov/hccp/scams.htm).

## Mga Panloloko (Scams) sa Bakuna sa COVID-19

Maging mapagbantay para sa mga manloloko (scammers) na nagtutulak ng mga kasinungalingan upang ikaw ay linlangin. Narito ang ilang mga panloloko sa bakuna na kasalukuyan nagaganap.




- **Sinisingil ang mga tao upang makatanggap ng bakuna**
  - Ang mga bakuna ay libre para sa lahat, hindi alintana ang katayuan sa imigrasyon, kahit na ikaw ay walang seguro (insurance). Laganap na magagamit ang mga bakuna sa kabuuan ng Los Angeles County. **Hindi kailangan ng tipanan** (appointment) sa maraming lokasyon at hindi ka tatanungin tungkol sa **katayuan ng iyong imigrasyon**. Ang pagbabakuna sa bahay ay magagamit ng mga tao na may mga isyu sa pagkilos.
  - Alamin pa ang mas marami sa [VaccinateLAcounty.com](https://www.vaccinate.lacounty.com) o tawagan ang Sentro ng Tawagan sa Bakuna ng Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan (DPH Vaccine Call Center) sa 1-833-540-0473.
- **Ibinebenta “ang bakuna” na direktang ipadadala sa iyong bahay.**
  - Ang mga bakuna sa COVID-19 ay hindi direktang ibinebenta sa publiko at dapat na ibigay ng isang lisensyadong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan (healthcare provider). Ang anumang ipinadala sa iyo ay hindi isang tunay na bakuna.
- **Humihingi ng iyong personal na impormasyon sa pamamagitan ng telepono, text, o email upang tumanggap ng bakuna o papremyong pera (cash prize).**
  - Maaaring hilingin ng mga manloloko na ikaw ay tumugon agad gamit ang iyong personal na impormasyon, tulad ng social security, account sa bangko, o numero ng credit card.
- **Nagbebenta ng Talaan [Record] sa Pagpapabakuna sa COVID-19.**

## Mga Panloloko at Pandaraya sa COVID-19

- Huwag magklik sa mga nagdudugtong na web address [link] na hindi mo kilala o magtiwala sa isang website na nag-aalok ng patunay ng pagpapabakuna kapalit ng pera. Hindi ka dapat kailanman magbayad para sa isang kopya ng iyong talaan [record] sa pagpapabakuna sa COVID-19.
- Ang lahat ng nabakunahan sa California ay maaaring humiling ng isang libreng digital na Talaan [Record] sa Pagpapabakuna sa COVID-19. Bisitahin ang [myvaccinerecord.cdph.ca.gov](https://myvaccinerecord.cdph.ca.gov). Tingnan ang mga detalye sa [webpage ng mga rekord ng bakuna](#) sa [VaccinateLAcounty.com](https://VaccinateLAcounty.com).

Maraming maling impormasyon ang umiikot tungkol sa mga bakuna sa COVID-19. Tingnan ang ilan sa mga pangkaraniwang [mga haka-haka at katotohanan sa bakuna](#) sa webpage ng [VaccinateLAcounty.com](https://VaccinateLAcounty.com)

## Panoloko sa Pagsusuri sa COVID-19 (COVID-19 Testing)



- **Hindi awtorisado o pekeng mga gamit sa pagsusuri [test kit] na ibinebenta online**
  - Bago ka bumili sa online ng gamit sa pagsusuri [test kit], siyasatin ang website na nagbebenta nito. Alamin kung ang pagsusuri ay awtorisado ng [FDA EUA test webpage](#). Alamin ang tungkol sa pambahay na pagsusuri sa COVID-19, bisitahin ang [webpage sa sariling pagsusuri](#) (self-testing webpage) ng CDC o ang [Mga Pambahay na Pagsusuri](#) (At-Home Tests) ng FDA.
- **Pekeng mga resulta ng pagsusuri**
  - Ang mga pampublikong kaganapan, negosyo, at mga lugar sa komunidad ay maaaring mangailangan ng patunay ng pagpapabakuna o isang kamakailang negatibong pagsusuri sa COVID-19 bago ka makapasok.
  - Ang tanging wastong paraan lamang upang makakuha ng patunay na ikaw ay nabakunahan -o na ikaw ay nasuring negatibo- ay ang MAGPABAKUNA o MASUSURING negatibo.
- **Naniningil para sa mga pagsusuri na dapat ay libre**
  - **Ang pagsusuri sa COVID-19 ay magagamit ng lahat ng sinumang nasa LA County, hindi alintana ang katayuan sa imigrasyon.** Kung ikaw ay may sakit o maaaring nalantad sa COVID-19, bisitahin ang [covid19.lacounty.gov/testing](https://covid19.lacounty.gov/testing) o tumawag sa 2-1-1 upang magpalista [sign up] para sa isang pagsusuri. Alamin pa ang mas marami tungkol sa mga pagsusuri sa COVID-19 sa [ph.lacounty.gov/covidtests](https://ph.lacounty.gov/covidtests).

## Mga Panloloko sa Pagkilala sa Nakasalamuha [Contact Tracing]



- **Ang mga manloloko ay maaaring magpanggap na mga kumikalala sa nakasalamuha [contact tracer] upang makakuha ng personal na impormasyon.**
  - Ang Pampublikong Kalusugan (Public Health) ay nakikipag-ugnayan sa mga taong may COVID-19 at kanilang mga nakasalamuha. Palaging tingnan ang pagkakakilanlan ng tumatawag [caller ID] o numero ng telepono. Ang pagkakakilanlan ng tumatawag [caller ID] ay magpapakita bilang “LA PublicHealth” o 1-833-641-0305.
  - Ang mga kumikalala sa nakasalamuha [contact tracer] ng Pampublikong Kalusugan ay hindi kailanman magtatanong tungkol sa iyong katayuan sa imigrasyon o hihingi ng pera o ng numero ng social security. Kung tatawag o magpapadala sa iyo ng mensahe ang Pampublikong Kalusugan, mangyaring tumawag pabalik sa kanila upang makatulong na matigil ang COVID-19.

## Pekeng mga medikal na paggamot at “mga milagrosong lunas”



- **Mga patalastas para sa mga suplemento at “mga paggamot” na maling nagpapahayag na nakakapigil o nakakagamot sa COVID-19.**
  - Palaging tanungin ang isang doktor o iba pang lisensyadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan bago uminom ng anumang gamut, suplemento, o produktong pangkalusugan. Ang ilan sa “mga paggamot” na isinusulong online ay nagpakita na hindi gumagana, hindi pa nasusubok kaya’t hindi natin alam kung ang mga ito ay gumagana, o nakakasama.

## Mga pekeng “tumululong” na nag-aalok ng mga paghahatid at nag-aayos na serbisyo (errands)



- **Maaaring mag-alok ng tulong ang mga manloloko habang ikaw ay nasa bahay at pagkatapos ay itatakbo ang iyong pera.**
  - Ipahatid ang mga kinakailangang gamit [supply] tulad ng mga pagkain at gamot sa isang mapagkakatiwalaang kaibigan o kilalang serbisyo.
  - Magpalista [sign up] sa libreng paghahatid ng mga pagkain at kainan sa [pahina ng mga Mapagkukunan ng Pagkain](#) ng LA County o [Programa sa Emerhensyang Pagtugon sa mga Pagkain ng Matatanda](#) (Senior Meals Emergency

## Mga Panloloko at Pandaraya sa COVID-19

Response Program). Maaari mo ring tawagan ang programang ito sa 1-800-510-2020. Para sa iba pang mga pagpipilian, bisitahin ang [211LA](#) o tawagan ang 2-1-1.

### Pekeng mga kawanggawa (charities)



- **Gawin ang iyong masinop na pag-aaral pagdating sa mga donasyon.**
  - Maraming tao ang gustong tumulong sa iba sa komunidad na nagdurusa, ngunit ang mga manloloko ay maaaring samantalain ang kanilang magandang kalooban.
- **Huwag hayaang ikaw ay pagmadaliin sa paggawa ng donasyon.**
  - Siyasatin kung ang kawanggawa (charity) ay lehitimo sa pamamagitan ng paghahanap sa [Rehistro ng Charitable Trusts](#) (Registry of Charitable Trusts) ng Attorney General ng CA. Kumuha ng mga karagdagang mungkahi sa matalinong pagbibigay ng donasyon sa [ftc.gov/charity](https://www.ftc.gov/charity)

### Pagnanakaw ng medikal na pagkakakilanlan (medical identity) at mga panloloko na phishing.



- **Pinupuntirya ng mga manloloko ang personal na impormasyon at pera**
  - HUWAG KAILANMAN ibigay ang iyong Medicare, Medi-Cal o numero ng Social Security, o iba pang personal na impormasyon sa pamamagitan ng telepono, email, o text bilang tugon sa isang hindi hinihiling na kontak.
- **Ang mga ahensya ng gobyerno ay hindi tatawag upang magbenta sa iyo ng anumang bagay o mag-alok na 'itala' ka sa pamamagitan ng telepono**
  - Repasuhin ang mga payong ito mula sa [medicare.gov](https://www.medicare.gov) sa kung paano [pigilan ang panloloko sa Medicare](#) at nagmumula sa [ssa.gov](https://www.ssa.gov) sa [mga panloloko sa Social Security](#).
- **Ibaba ang telepono sa robocalls**
  - Kung ang [iligal na robocalls](#) na ito ay magpapatuloy, kunin ang kanilang impormasyon at iulat ang mga ito sa [Federal Trade Commission](#). Upang bawasan ang bilang ng mga tunay na tawag sa pagbebenta (sales calls), sumali sa '[Huwag Tawagan na Listahan](#)' (Do Not Call List). Bisitahin ang [consumer.ftc.gov/articles/robocalls](https://www.consumer.ftc.gov/articles/robocalls) para sa mas marami pang impormasyon.

### Manatiling may kaalaman at humingi ng tulong



- Tingnan ang **kamakailang mga babala sa panloloko** sa [mga alerto sa konsyumer](#) sa Kagawaran ng Konsyumer at mga Gawaing Negosyo ng La County.
- Magpalista [sign up] para sa **mga alerto ng pandaraya** mula sa [American Association of Retired Persons \(AARP\)](#) at [Federal Trade Commission](#).
- Maghanap ng **pangangalagang pangkalusugan, pagkain, at mga kinakailangan**: tawagan ang linya ng impormasyon ng LA County sa 2-1-1 o bisitahin ang [211LA website](#).
- **Iulat ang posibleng panloloko sa COVID-19 at kumuha ng tulong sa pagsubok na mabawi ang iyong pera**: makipag-ugnayan sa Kagawaran ng Konsyumer at mga Gawaing Negosyo ng La County: [dcba.lacounty.gov](https://www.dcba.lacounty.gov) o 1-800-593-8222.
- **Iulat ang mga kaduda-dudang pahayag tungkol sa pagsusuri (testing) o mga produkto sa paggamot**: sa [ftc.gov/complaint](https://www.ftc.gov/complaint).
- Bisitahin ang [ph.lacounty.gov/coronavirus](https://www.ph.lacounty.gov/coronavirus) upang makita ang pinakabagong impormasyon sa COVID-19.